Baguio City, Philippines Vol. 18, Issue 4 (Oct.-Dec. 2015)

# The BBCCC COOPSERVER

website: www.bbccconline.com

*"Progress Through Unity and Service"*

# Bringing Hope to Brgy. Taneg, Mankayan, Benguet







*Last November 12, 2015, BBCCC members, officers and staff visited Brgy. Taneg in Mankayan, Benguet to deliver donated goods for the people of the barangay. Related article appears on page six of this issue.*





# CooPasko

Ni: Marilyn W. Macwes, BBCCC Member




http://filipinoamerican.xeozone.net/category/features/

*"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya ibinigay Niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapapahamak,kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)*

*Mahal ng Diyos ang sanlibutan kaya't dumating sa mundo ang Kanyang Anak na si Hesus na ipinanganak sa sabsaban na siyang hudyat ng pagdiriwang ng Unang Pasko.*

*Ngunit hindi Siya nanatili sa sabsaban. Ang sanggol na ito ay lumaki, nabuhay, namatay dahil sa ating mga kasalanan, ngunit muling nabuhay, umakyat sa langit at muling babalik bilang Hari ng mga hari.*

*Siya ang naging simbolo, at instrumento ng walang pagkupas at walang hangganang pagmamahal at pagmamalasakit ng Diyos sa Kaniyang mga nilalang. Siya ay isang regalo na nagsisilbing inspirasyon at pag-asa sa mga tao sa mundo na wari'y puno ng kaguluhan at kapighatian.*

**BBCCC Cares!** *Ang pagmamahal, pagtulong at pagmamalasakit sa kapwa ay siyang tunay na diwa ng pasko. Mula noong itinatag ang ating mahal na kooperatiba ay hindi maikakaila na maraming indibidwal at pamilya ang kaniyang natulungan at nabigyan ng pag-asa. Ito ang nagsilbing impukan at takbuhan ng mga miyembro tuwing may pangangailangan.*

*Ito ang isa sa naging instrumento upang umangat at guminhawa ang kanilang buhay. Nagsilbing katuwang ang kooperatiba tungo sa isang maganda at masaganang kinabukasan.*

*Sa paskong ito, at sa bawat araw na darating, sana'y muling maalala at maramdaman ng bawat isa ang esensiya at prinsipyo ng pagiging isang* investor *at partner ng BBCCC, na isang kinikilalang kooperatiba hindi lamang sa Baguio at Cordillera kundi sa buong Pilipinas at sa ibang bansa. Ito ay ang mga sumusunod: (KOOPERATIBA); KOOPerasyon para sa Edukasyon; Recoupment, Adaptasyon, Trasporмasyon, Inobasyon, Benipisyo at AIM (Agresibong Investment Mode).*

*Sa iba't ibang benepisyo at regalo na natatanggap mula sa BBCCC gaya ng* Christmas gifts at token (t-shirts, bags, *kumot at* bedsheets...*sa susunod kaya ay kutson na?*) Family Day gifts and prizes; meal allowance *tuwing* General Assembly; medical at dental *na serbisyo; ang maalab na serbisyo at sakripisyo ng buong pamunuan ng BBCCC- tanggapin ang taos-pusong pasasalamat*, *kalakip ang panalangin ng patuloy na pagbasbas at paggabay ng Poong Maykapal.*

*Nawa'y sa paskong ito ay muling gunitain at isabuhay ang tunay na mensahe ng pasko.*

*Bawat isa sa atin ay maging instrumento ng Kanyang pag-ibig. Lalo pa nating paigtingin ang ating pagbibigayan at pananampalataya kay Hesus at Siya nawa ang maghari sa ating mga puso upang makamit natin ang buhay na walang hanggan.*

*Maligayang Pasko at Masaganang Bagong Taon Pamilya* BBCCC!

# Editorial

## Pasasalamat at Pagbabago

**By: Gabby K. Pinas, Chairman, RDPC**

*Pasko na naman muli mga ka-kooperatiba. Mula sa mga taga-pamahala, mga Board of Directors, at mga ibang namumuno, kasama ng mga kawani at mga empleyado ng ating Kooperatiba ay aming pina-aabot ang aming pagbati sa mga member-owners ng BBCCC. Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon BBCCC!*

*Isang malaking pasasalamat na ang BBCCC ay isa sa mga kinikilalang Kooperatiba hindi lamang sa ating syudad kundi sa ating bansa. Dahilan sa ating kooperasyon at pagtangkilik sa BBCCC ay narating natin ang tagumpay na tinatamasa natin sa ngayon. Subalit hindi tayo kampante sa kinaroroonan natin ngayon, kailangan pa rin ang patuloy na pagtugon sa mga hamon sa ating kooperatiba. Sa taong 2015 naging puspusan ang pagsisikap ng pamunuan at mga empleyado sa mga pag-plaplano at pag-repaso sa mga policies ng BBCCC na kinabibilangan ng Medium Term Development Plan, Strategic at Tactical Plans ng ibat ibang departamento at committees , paglulunsad ng AIM for MORE, ang Policy Formulation, ang pagbubukas ng bagong satellite office at iba pang aktibidades.*

*Sa mga isinagawang mga pag-plaplano ay inaasahan na ito ay makakapagbigay daan tungo sa pagkamit sa Misyon at Vision at mga mithiin ng ating Kooperatiba. Hindi naging madali para sa mga namamahala na mapag isa ang mga hakbang at mga dapat isagawa tungo sa pagkamit sa ating layunin pero sa kalaunan ay namayani pa rin ang hangad natin na tungo sa ika-bubuti ng ating Kooperatiba, para sa BBCCC at sa mas nakakarami na member-owners nito. Inaanyayahan ang karamihan sa mga member-owners na unawain at kilatisin ang mga alituntunin at mga programa kung ito ay tumutugon sa diwa ng isang Kooperatiba. Ating hilingin sa ating Panginoon ang patuloy na basbas sa mga liderato at kawani ng BBCCC na laging isa alang-alang ang kapakanan ng mga member-owners ng BBCCC. Sa darating na taon ay abangan natin ang mga bagong policies na magbigay daan sa mas malawak na serbisyo sa ating Koop tulad ng mga bagong loan windows kung saan mas makahihiram ng mas malaki at mas mahabang panahon ng pagbabayad.*

*Sa ating pakiki-isa sa paggunita ng kapanganakan ni Kristo ay ating ipadama ang pagmamahal sa ating kapwa. Ang ating patuloy na pakiki-isa sa ating mga adhikain sa Kooperatiba ay pagtugon na rin sa ating tungkulin bilang Kristiyano. Mga member-owners maraming salamat sa buong pagtitiwala at patuloy na pagtangkilik sa ating Kooperatiba. Maraming salamat sa pagbibigay lakas at inspirasyon para mas lalo nating mapa-unlad at maisakatuparan ang ating mga layunin. Mga ka Kooperatiba, itaguyod natin ang layunin na ito sa darating na taon. Pagpalain sana tayo ng Diyos na Maykapal. Mabuhay BBCCC!*

**BAGUIO–BENGUET COMMUNITY CREDIT COOPERATIVE (BBCCC)**
**Affiliations: NORWESLU, CARCU, PFCCO, CUP, PCC, ACCU**

The BBCCC COOPSERVER is the Official Newsletter of the BAGUIO-BENGUET COMMUNITY CREDIT COOPERATIVE (BBCCC) and is published four times a year.

No. 56 Cooperative St., Assumption Road,
2600 Baguio City, Philippines.
Website: bbccconline.com
Email: bbccc_edcomm@yahoo.com
bbccc_rdpc@yahoo.com

**Tel Nos.: (074) 442-1727; (074) 442-5872; TeleFax: (074) 444-4993**

**Consultants: BOD Chair/President, Atty. Nelson V. Gayo and Manager Mary Ann B. Bungag**

**File Photos: Management Information Systems, RDPC**

## Editorial Board



**Roberto I. Belda**
**Editor-In-Chief**



**Dr. Mario S. Valdez**



**Gabriel Paul K. Pinas**

**Entered as second class mail at the Baguio City Central Post Office, Baguio City, Philippines with permit No. CAR 01-12.**

# Brgy. Dagsian, Tuba, Benguet Out-Reach Program

**November 14, 2015**



















# Brgy. Dagsian, Tuba, Benguet Out-Reach Program
## November 14, 2015













*Participating in this out-reach program are BBCCC Manager Mary Ann Bungag, Ronnie Cardona of BBCCC Foundation, Inc., and BBCCC staff Henvi Salon, Jojo Redondo, Bong Dizon, Art Barrias, Johnny Paga and Mary Pinkihan.*

BBCCC CARES

# The Difference of Giving and Sharing

**By: Ma. Cristina B. Zolina, BBCCC Member**

*Last November 12, 2015, BBCCC members, officers and staff visited Brgy. Taneg in Mankayan, Benguet to deliver donated goods for the people of the barangay. Pictures are on the cover of this issue.—Eds.*

Barangay Taneg is composed of eight *sitios* and it has a population of 1,890 residents. The barangay is under the municipality of Mankayan, Benguet. The east part is Buguias and the west side is Bakun. It is situated between mountains or surrounded by it, there's a river at middle of the barangay and stream or creek going down the mountain.

The residents' source of income is agriculture, small scale mining while others are engaged in small business. I was given the chance to be part of the BBCCC Out-Reach Program to Taneg, Mankayan. It was November 12, 2015 when I accompanied some of the BBCCC officers and staff to Brgy. Taneg to turn-over the donated goods to the barangay officials.

When we arrived there it was nearly 10 in the morning. *Brgy. Kagawad* Agosto Calixto and other barangay officials and residents introduced themselves to us. BBCCC Director Amparo Rimas also introduced the BBCCC delegates to the people gathered at the site. I saw an old widow who stood up, spoke and said, *"Salamat adi tan inbingayan yo dakami..".* The speech drew an emotional reaction from the BBCCC staff. I don't know why but maybe because she spoke from the heart and she meant what she said. The old woman's name is Dalmayan Lapniten.

After all the speeches we now partook of the food that was especially prepared for us. By 1PM we prepared ourselves to travel back to Baguio, we arrived past 6PM.




http://www.highhillcamp.org/online-giving/index.html

**What Is Shared Cannot Be Forgotten**

BBCCC Manager Mary Ann Bungag asked me to write an article about our trip to Brgy. Taneg, I said yes but the truth is I don't know how, I've never done it before but I think it's a privilege worth accepting. The next day wondering what to write, I grab hold of an encyclopedia and scanned over the pages and came over the story of Sir Launfal.

**Knight Learns To Share, Not To Give**

Lowell tells about the proud knight Sir Launfal, who stepped out haughtily in search of the Holy Grail. As he rides through the castle gate, he tossed a coin to the poor beggar reaching for alms. Then he travelled far over the world, but nowhere does he find the coveted grail.

Disappointed, impoverished and weary he returned home again. When he approached the gates there is still the leper awaiting him. This time, he has no money to give, nothing but a crushed bread, but still he breaks and shares it with the beggar, who is immediately transformed into the form of CHRIST before him, uttering the lovely words "WHO GIVES HIMSELF WITH HIS ALMS FEEDS THREE- HIMSELF, HIS HUNGERING NEIGHBOR AND ME."

The knight learned that it is not "…what we give, but what we share," that counts.

Now, I understood the difference between giving and sharing. Sometimes, we give because we don't need it or we have much, but sharing is out of something we need. It is like, I have only two kilos of rice but I will divide it for us so that we can all eat today. I remember a verse from the Bible, (Mathew 25:35- 40), "…I tell all of you with certainty, since you did it for one of the least important of these brothers of mine, you did it for me."

To the BBCCC members and staff may you always be a channel of blessings by sharing what you have and a willing heart to help and impart knowledge to those who need it.

**People's Reaction**

The senior citizens of Barangay Taneg, Mankayan, Benguet Province, acknowledged the BBCCC members, officers and staff for their generosity. Below is their thank you note.

"We, the senior citizens want to say thank you for what you have shared to us. Your food assistance will sustain us while in our time of need. We pray to *KABUNIAN* for your GOOD HEALTH and that you prosper in your endeavor, *I GABAGABAYYO AM-IN*." – *David Guaque*

# Ano Ang Christmas Wish Ko Para sa Ating Kooperatiba?...

"Ano and Christmas wish ko para sa ating kooperatiba (BBCCC)..."

*Wish ko sana Lumago ang kooperatiba natin.

Name of Member: Agustina D. Owindo

"Ano and Christmas wish ko para sa ating kooperatiba (BBCCC)..."

Continue to exist for the following years to come for the future generations of members to join.

Name of Member: Magdalena R. Ozias

Ang Christmas wish ko ay sana patuloy ang paglago nito para mas lalong matulungan ang mga miyembro.

Name of Member: Cresencia B. Caplas

To have more blessings and more power.

Godbless!!!

Name of Member: Edelisa Sereno

"Ano ang Christmas wish ko para sa ating kooperatiba (BBCCC)?..."

TO HAVE A LOT FOR PARKING AREA

Name of Member: CHARLYE M. GAYASCO

GROW MORE AND MORE POWER.

Name of Member: JULIUS [illegible]

Ang x-mas wish ko para sa coop natin ay more blessings to come....

Name of Member: VIOLETA T. MEJIA

# Blessing of the New BBCCC Leonard Wood Rd. Satellite Office











Merry Christmas




*The blessing was held last Nov. 27, 2015 attended by BBCCC members, staff, officers and guests. The new BBCCC Satellite Office is located at Unit 6, SN Oriental Bldg., Leonard Wood Rd., Baguio City.*

